Libran

REPUBLIKA NG PILIPINAS
HUKUMAN NG PAGHAHABOL SA BUWIS
LUNSOD QUEZON

PROGRESSIVE DEVELOPMENT
CORPORATION,
May-kahilingan,

-laban kay-

H.P.B. USAPIN
Blg. 1404

KOMISYONADO NG RENTAS
INTERNAS,
Mananagutan.

x- - - - - - - - - - - - - - -x

Oct. 13/65

P A S I Y A

Ito ay isang paghahabol ng May-kahilingan sa pasiya ng Mananagutan na pinananagot ang nauna ng mga kakulangang bayad sa buwis sa kita (income tax) ng mga halagang ₱3,151.70, ₱2,213.68, ₱10,987.86, ₱5,252.94, at ₱24,276.96 para sa mga taong 1957, 1958, 1959, 1960 at 1961 ayon sa kanilang pagkakasunod-sunod.

Ang May-kahilingan ay isang katutubong korporasyon na itinatag sa ilalim ng mga batás ng Republika ng Pilipinas, samantalang ang Mananagutan ay ang Komisyonado ng Rentas Internas. Nang dinggin ang usaping ito nuong ika-16 ng Agosto, 1965, ang abogado ng May-kahilingan ay nagpahayag na matapos ang pakikipanayam sa manananggol ng Mananagutan ay kanyang tinanggap ang ilan sa mga bagay na pinaguusapán. Iniharap ang iksaminador na si Pedro P. Yadao ng Rentas Internas at pinatotohanan nito ang mga sinabi ng abogado ng May-kahilingan. Dahil dito ay pinagkaisahan na ang nabanggit na iksaminador ay magharap ng isang bagong tasasyon (revised assessment).

Nuong ika-11 ng Oktubre, 1965, ang magkabilang panig ay magharap ng isang paliwanag (manifestation) na may kasamang bagong tasasyon (Annex "A"), at alinsunod dito ang mga kakulangang bayad sa buwis sa kita ay ang sumusunod: 1957 - ₱3,151.78; 1958 - ₱2,213.68; 1959 - ₱10,216.44; 1960 - wala; 1961 - ₱14,306.24. Kabuuan - ₱29,887.14.

DAHIL DITO, ang pasiya ng Komisyonado ng Rentas Internas ay binabago nang alinsunod sa bagong tasasyon at ang May-kahilingan ay inuutusan na magbayad ng halagang ₱29,887.14 kasama na ang tubo. Walang kostas.

INIUUTOS.

Lunsod Quezon, ika-13 ng Oktubre, 1965.

TEOFILO D. REYES, AMA
Tagapangulong Hukom

Ang Kasamang Hukom ROMAN M. UMALI
ay hindi lumahok.

SUMASANG-AYON AKO:

ALEJANDRO B. AFURONG
Kasamang Hukom